# PINAGSAMANG PAGPAPATUNAY NG LAGDA AT PAHAYAG AT MGA TAGUBILIN PARA SA SOBRE NG PAGKAKAKILANLAN NA WALANG LAGDA

**BASAHING MABUTI ANG MGA TAGUBILING ITO BAGO KUMPLETUHIN ANG PAHAYAG. ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA TAGUBILING ITO AY MAAARING MAGING DAHILAN NG HINDI PAGBILANG SA IYONG BALOTA.**

1. Napag-alaman namin na ang lagda na ibinigay mo sa iyong sobre ng pagkakakilanlan para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota ay hindi tumutugma sa (mga) lagdang nasa iyong talaan ng botante, **O** kaya naman ay hindi mo nilagdaan ang iyong sobre ng pagkakakilanlan ng balota.

2. Upang matiyak na mabibilang ang iyong balota para sa **Pambuong-estado na Tuwirang Primaryang Halalan sa Hunyo 2, 2026**, dapat matanggap ng aming tanggapan ang nakumpletong Pahayag na ito sa lalong madaling panahon, pero **hindi lalampas sa 5 p.m. sa Hunyo 24, 2026**. Dapat mong pirmahan ang iyong pangalan sa itinakdang bahagi sa ibaba at isama ang iyong address.

3. Ilagay ang iyong nakumpletong Pahayag sa bayad na ang selyo na sobre para sa pagbabalik, kung kasama ito sa mga tagubiling ito. Kung walang kasamang sobre para sa pagbabalik sa mga tagubiling ito, gumamit ng sarili mong sobreng pangkoreo na naka-address sa aming tanggapan. Ipadala sa koreo, ihatid, o ipahatid ang iyong nakumpletong Pahayag sa aming tanggapan. Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong nakumpletong Pahayag gamit ang sarili mong sobre, tiyaking may sapat na selyo at tama ang address ng aming tanggapan.

4. Kung ayaw mong ipadala ang inyong nakumpletong Pahayag sa pamamagitan ng koreo o ipahatid ito, maaari mo itong isumite sa pamamagitan ng email, facsimile, o iba pang elektronikong paraan na ginawang available, o isumite ang iyong nakumpletong Pahayag sa isang lugar ng botohan sa loob ng county o sa isang drop box ng balota bago ang pagsasara ng botohan sa Araw ng Halalan.

5. Pakitandaan na ang lagdang ibinigay sa nakumpletong Pahayag ay maaaring idagdag sa iyong rekord ng pagpapatehistro na gagamitin para sa mga layuning paghahambing ng lagda sa mga halalan sa hinaharap.

---

## PAHAYAG

Ako, si ___________________________ (paki-print), ay isang rehistradong botante ng County ng

___________________ , Estado ng California.

Ipinahahayag ko, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa, na ako ay tumanggap at nagsauli ng isang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota at na hindi pa ako bumoto at hindi ako boboto gamit ang higit sa isang balota sa halalang ito. Isa akong residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang taong lumabas ang pangalan sa sobre ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota. Nauunawaan ko na kung gagawa ako o susubukan ko ang anumang panloloko kaugnay ng pagboto, o kung tutulong ako sa o kukunsintihin ko ang panloloko o susubukang tumulong sa o kunsintihin ang panloloko kaugnay ng pagboto, maaari akong mahatulan ng mabigat na kasalanan na mapaparusahan ng pagkakakulong sa loob ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na ang hindi pagpirma sa Pahayag na ito ay nangangahulugang mawawalan ng bisa ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota.

Kinakailangan ng opisyal ng mga halalan ng iyong county na ikumpara ang lagda mo sa (mga) lagda sa iyong rekord ng pagpaparehistro bilang botante, na maaaring kasama ang lagdang makikita sa iyong lisensya sa pagmamaneho o card ng pagkakakilanlan ng estado.

| ______________________________ | ______________________________ |
|---|---|
| Lagda ng Botante | I-print ang Buong Pangalan<br>(ayon sa nakarehistro sa pagboto) |

______________________________

Address